## PAGSAMBA SA DIYUS-DIYUSAN: TAMA O MALI

### ANG KAUTUSAN NG DIYOS

**Exodus 20:1-6** *Ito and sinabi ng Diyos: "Ako si Yahweh, ang inyong Diyos na naglabas sa inyo sa Egipto at humango sa inyo sa pagkaalipin. Huwag kayong magkakaroon ng ibang diyos, maliban sa akin. Huwag kayong magkakaroon ng diyus-diyusan o kaya'y larawan o rebulto ng anumang nilalang na nasa himpapawid, nasa lupa o nasa tubig. Huwag kayong yuyukod o maglilingkod sa alinman sa mga diyus-diyusang iyan sapagkat akong si Yahweh ay mapanibugnuhin. Prurusahan ko ang lahat ng aayaw sa akin pati ang kanilang mga anak hanggang sa ikaapat na lahi. Ngunit ang lahat ng umiibig sa akin ay pagpapalain ko hanggang sa kanilang kaapu-apuhan."*

### KINAPOPOOTAN AT KINASUSUKLAMAN NG DIYOS ANG PAGSAMBA SA DIYUS-DIYUSAN

**Deuteronomy 32:16-18** *Siya'y pinabugho nila; Sumamba sila sa mga diyus-diyusan. Kaya'y napoot sa kanila ang Diyos dahil sa kasuklam-suklam nilang gawain. Sa demonyo sila naghandog at sa mga diyus-diyusan sumamba. Sa mga bagong diyus-diyusang di nila kilala at ni hindi pinansin ng kanilang mga ninuno. Tinalikdan nila ang Diyos na lumikha sa kanila, ang Diyos na sa kanila'y nagbigay-buhay.*

### WALANG KUWENTA AT WALANG KABULUHAN ANG DIYUS-DIYUSAN AT ANG MGA SUMASAMBA NITO

**Isaiah 44:9-11** *Walang kuwentang tao ang mga gumagawa ng rebulto; at walang kabuluhan ang mga diyus-diyusang kanilang pinahahalagahan. Mga bulag at hangal ang sumasamba sa mga ito, kaya sila'y mapapahiya. Walang idudulot na mabuti ang paggawa ng mga rebulto para sambahahin. Tandaan ninyo, ang sumasamba sa mga ito ay mapapahiya lamang. Ang mga gumagawa nito'y tao lamang, kaya, magsama-sama man sila at ako'y harapin ay matatakot din at mapapahiya.*

### ANG PAKIKIPAG-ISA SA DIYUS-DIYUSAN AY PAKIKIPAG-ISA SA MGA DEMONYO

**1 Corinthians 10:18-22** *Tingnan ninyo ang bansang Israel: hindi ba't ang mga kumakain ng mga handog ay nakikiisa sa ginagawa sa dambana? Ano ang ibig kong sabihin? Sinasabi ko bang may kabuluhan ang diyus-diyusan o ang pagkaing inihandog sa mga diyus-diyusan? Hindi! Ang ibig kong sabihin, ang mga pagano'y naghahandog ng kanilang hain sa mga demonyo, hindi sa Dios, at ayaw kong maging kaisa kaisa kayo ng mga demonyo. Hindi kayo makaiinom sa saro ng Panginoon at sa saro ng mga demonyo. Hindi kayo maaaring makisalo sa dulang ng Panginoon at sa dulang ng mga demonyo. Ibig ba nating manibugho ang Panginoon? Sa palagay ba ninyo'y mas makapangyarihan tayo kaysa kanya?*

### GUMAWA KA NG TAMANG DESISYON

**1 Corinthians 10:14-15** *Kaya nga, mga minamahal, huwag kayong sasamba sa mg diyus-diyusan. Ganito ang sinasabi ko sa inyo, sapagkat kayo'y matatalino; kayo na ang humatol.*

### SUMPA SA PAGSUWAY SA DIYOS

**Deuteronomy 28:14-19** *Huwag ninyong lalabagin ang alinman sa sinasabi ko sa inyo. Huwag kayong lilihis sa kanan o sa kaliwa. Huwag kayong tatalikod kay Yahweh ni sasamba o maglilingkod sa mga diyus-diyusan. Sa kabilang dako, kung hindi ninyo didinggin ang tinig niya at hindi susundin ang kanyang mga utos at mga tuntunin, mangyayari sa inyo ang mga sumpang ito:*
*Hindi niya kayo pagpapalain kahit saan kayo magpunta*
*Susumpain niya ang inyong tanim at ang inihahanda ninyong pagkain.*
*Hindi niya pagpapalain ang inyong mga anak o ang inyong lupain, at ang inyong mga hayop at kawan.*
*Mabibigo kayo sa lahat ng inyong gagawin.*

### PAGPAPALA SA PAGSUNOD SA DIYOS

**Deuteronomy 28:1-6** *Kapag dininig ninyo ang tinig ni Yahweh at sinunod ang kanyang Kautusan, ibabantog niya kayo sa gitna ng mga bansa. Magaganap nga sa inyo ang mga pagpapalang ito kung susundin ninyo ang kanyang mga utos.*
*Kayo'y pagpapalain niya sa loob at labas ng inyong mga bayan.*
*Pagpapalain niya ang inyong mga anak, lupain, pati mga hayop. Pararamihin niya ang inyong mga baka, at iba pang mga hayop.*
*Lagi kayong magiging sagana sa pagkain, at di mawawalan ng laman ang inyong masahan ng harina.*
*Pagpapalain niya kayo sa lahat ng inyong gagawin.*

ASSEMBLIES OF GOD
**I.W.A.G. MINISTRIES**
*(**I**ntegrated **W**orks for the **A**dvancement of the **G**ospel)*
Ibajay Full Gospel Center; Laguinbanwa, Ibajay, Aklan
Tel. # (036) 289-2440
Website: www.iwagministries.weebly.com
E-mail: iwagministries@yahoo.com

Ibajay Full Gospel Center and Maloco Assembly of God
Senior Pastor – Rev. Filamer E. Arangote
Asst. Pastor – Roli S. Arangote